DALUYAN

JOURNAL NG WIKANG FILIPINO

ISSN 011171275
Tomo XVI, Bilang 1 2010
Ang mga artikulo ng daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng SWF

SENTRO NG WIKANG FILIPINO

Jovy M. Peregrino
Direktor

Nilo S. Ocampo
Romulo P. Baquiran, Jr.
Jovy M. Peregrino
Lupon ng mga Editor

Angelie Mae T. Cezar
Tagapamahalang Editor

Jovy M. Peregrino
Romulo P. Baquiran, Jr.
Eilene Antoinette G. Narvaez
Mga Editor Pangwika

Mervin Concepcion Vergara
Tagadisenyo ng aklat at retrato sa pabalat

Odilon B. Badong, Jr.
Tagapamahala ng sirkulasyon

Inilalathala ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF), UP Diliman, dalawang beses sa isang taon. Suskripsiyon: P400 isang taon (2 isyu). (Maaaring magbago ang presyo nang walang pasabi.) Makipag-alam sa: Tagapamahala ng Sirkulasyon, Sentro ng Wikang Filipino, Ikatlong Palapag, Gusali ng Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal (SURP), Lungsod Quezon. Ibayad ang tseke o money order sa DALUYAN/SENTRO NG WIKANG FILIPINO

Nilalaman

Introduksiyon vi

Kahulugan, Pinagmulan, at Kinaroroonan: Ang Talastasang Bisaya sa Kasaysayang Filipino 1
ni Vicente C. Villan

Ang Bayan ng Mariveles sa Harap ng Pangangayaw ng Moro sa Siglo 18 27
ni Kristyl N. Obispado

Ang Pakikidigma ng mga Antiqueño Laban sa mga Amerikano 44
ni Alberto T. Paala, Jr.

Mga Larawan ng Politika sa Lalawigang "Sibilisado" ng Misamis, 1901-1909 60
ni Neil Martial R. Santillan

Ebolusyon ng Patakarang Pangkagubatan ng Amerika sa Filipinas, 1900-1940 80
ni Ma. Luisa De Leon-Bolinao

Tunggaliang Festin at Fabella: Ang Halalang 1935 sa Kasaysayang Pampolitika ng Romblon 101
ni Kristoffer R. Esquejo

Diskurso ng Siyensiya: Kolonyal na Diskurso sa mga Sakuna mula sa Panahon ng Instrumentasyon Tungo sa Panahon ng mga Amerikano 119
ni Alvin Jason A. Camba

Ang Kababaihang Marking ng Morong, Rizal 134
ni Analyn B. Muñoz

Mga Tala Tungkol sa mga Kontribyutor 149

Introduksiyon

Patuloy ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF) sa pagpapatatag, pagpapayaman, at modernisasyon ng wikang Filipino bilang wikang pambansa, at bilang wika ng mga larang pang-akademya. Ang SWF bilang sentro na nagsisilbing kaagapay ng mga kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman ay patuloy na naglalathala ng mga aralin at saliksik hinggil sa wika at iba pang paksang pang-edukasyon gamit ang wikang Filipino.

Taong 2009, muling itinayo ang mga Komite sa Wika ng iba't ibang kolehiyo sa UP Diliman upang magsilbing kaagapay ng SWF sa malawak na gawain hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa kani-kanilang larang at pag-aaral mismo sa wikang ito bilang isang larang na napagkukunan ng malalim na kaalamang lalong nagpapaigting sa lalim ng pag-unawa sa kultura at lipunan. Bahagi ng programang ito ang pagsusumikap at aktibong pagsusulong sa mga saliksik at publikasyon sa wikang Filipino.

Bilang pagkilala, pakikiisa, at pakikilahok sa pagdiriwang ng ika-100 taon ng pagkakatatag ng Departamento ng Kasaysayan sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KSSP) noong Hunyo 3, 2010, binuo ang espesyal na isyung ito ng DALUYAN JOURNAL. Malinaw na ipinamamalas ng espesyal na isyung ito na buhay ang ugnayan ng SWF at KSSP.

Hindi lamang tuon sa wikang Filipino ang halaga ng partikular na isyung ito na kakikitahan ng mataas na kalidad ng isang akademikong wika at nagtatampok sa mga makabuluhang saliksik hinggil sa kasaysayan ng bansa. Itinatampok sa isyung ito ang masalimuot na mga pangyayaring pinaghuhugutan ng mga pagsusuring nag-aambag sa pagiging kritikal at mapanuri ng mga iskolar tungo sa pagbuo ng malayang kaisipang magpapayaman sa kultura ng bayan.

Pinakamasigasig ang disiplina ng Kasaysayan sa agham panlipunan sa paggamit ng wikang pambansa sa dalubhasaan nito sa nakaraang apat na dekada at pinatutunayan pa ito ng kasalukuyang kalipunan.

Sa partikular, malaki ang papel ng kaguruan at mag-aaral ng Kagawaran ng Kasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman sapagkat natanto at napanghawakan nila ang makasaysayang katungkulang isulong ang wikang pambansa sa pagtuturo, pag-aaral, at pananaliksik. Sinimulan at kasalukuyan pa itong itinataguyod ng mga tagapanguna habang nakapagpapalahok sa kasalukuyang salinlahi at mangyari pa, bagay lang itong kalugod-lugod at nagpapalago ng korpus.

Mga kabataang guro at mananaliksik ang tagaambag sa journal na ito at batay sa kanilang mga tuon, produkto ng kanilang interes at kadalubhasaan, kapuwa sila tagapagmana at tagahawan sa mga tunguhin ng historyograpiyang Filipino.

Narito ang kronolohikong pagdedetalye sa kasaysayang pampook at karanasang kolonyal, habang lumilitaw ang pagtatangka sa kaakuhang personal, politikal, pangkasarian at etniko tungo sa hugis pambansa.

Sa saliksik ni Vicente C. Villan, patuloy ang "pagpipingkian" ukol sa kahulugan, hanggahan, at pagpopook sa Bisaya. Nakipingki siya dito sa pagpapakintal sa mga busisi sa isa sa pangunahing pangkat etniko ng bansa. Bahagi ng masaklaw na disertasyon, nagsisimula ito sa kolonyal na paglalarawan bilang Pintados at lumalagpas mangyari pa tungo sa paglilinaw ng sariling katayuan.

Hindi isyu ang kaliitan o kalakihan kundi ang kalugaran (heograpiya), ito ang kalatas ng akda ni Kristyl N. Obispado. Muli, naitatanghal ang kolonyal na balangkas (ang bayan ng Mariveles bilang tanggulan ng Espanya at samakatwid tudla ng pangangayaw ng katunggaling "Moro") subalit lunsaran ito para umusisa kung talagang "nasa loob ang kaliskis."

Magkaagapay naman sina Alberto T. Paala, Jr. at Analyn B. Munoz sa pagpapamalas ng pakikidigma ng tagalalawigan ng Antique laban sa mga Amerikano at ng mga kababaihan ng Morong, Rizal laban sa mga Hapon, lalo na kung tunay na lehitimong mapag-iisa ang kasaysayan at panitikan sa paglulubid ng naratibong aangkinin ng anumang bansang maituturing.

Paglilinaw pa ng dinamismo sa yugtong sinakop ang bansa ng mga Amerikano ang huling apat na akda. Tradisyonal na paksain sa isang banda ang "larawan ng politika" sa Misamis at Romblon nina Neil Martial R. Santillan at Kristoffer R. Esquejo subalit bago-bagong putaheng kasaysayang pangkalikasan ang paggugubat at sakunang dulot ng bagyo, lindol, at bulkan nina Ma. Luisa D. Bolinao at Alvin Jason A. Camba. Wagwag ang dila ng sangkatauhan bago pa ang mga piramide at katakumbas at totoo pa ito sa "paglatag ng mga kaparaanang politikal ng pakikipagsabwatan" ng mga Amerikano sa prinsipalyang Misamisnon, gayundin sa tunggaliang Festin at Fabella ng Romblon na lokal/metaporikong bersiyon ng "ubusan ng lahi." Samantala, hindi lang lahi ang mauubos sa pag-aalagata sa patakarang pangkagubatan ng Amerikano sa pananakop nila sa bansa at sa "siyentipikong diskurso" sa mga sakuna. Mangyari pa, matutuklasang nakatali sa pangangailangang kolonyal ang mga estratehiyang ito, at nababantad ang mga dulot subalit kahingian pa ang patuloy na paglilinaw sa epekto nito sa mga Filipino at paano pa nabubunyag ang sariling kasaysayan mula rito.

Mula sa mga pananaliksik na ito, patuloy pa ang pagtuklas sa mga nakatago at masalimuot na pangyayaring maaaring magpabago o magpalinaw sa pananaw ng bayan sa kaniyang sariling kasaysayan.